


Isang Gabay sa Kalayaan sa Pamamagitan ng Krus

Ni Charles R. Solomon, Ed. D

Sa pagbabasa mo nito, maaaring ikaw ay nasa kalagitnaan ng kaguluhan. Hindi ka marahil natulungan ng tao at ang Diyos ay mukhang napakalayo. Lumaki ka marahil na hindi nakaranas ng pagmamahal na tumugon sana sa iyong pangangailangan. Maaaring hindi mo pa natatanggap o minahal ang iyong sarili.



Ang kakulangan na madadama ng isang tao upang makayanan ang buhay ay maaaring magbigay ng isang serye ng kalagayan mula sa malumanay na kalungkutan patungo sa isipang pagpapakamatay. Dahil dito ang iyong relasyon sa mga minamahal mo ay nasa punto na ng pagkawasak—o ito ay nasapunto na ng kawalang lunas. Kung ikaw ay nasa punto na ng kawalang pag-asa o matinding kalungkutan o depresyon, ang mensaheng ito ay akma sa iyong kalagayan.

Minahal ka ng Diyos upang Siya ay magpadala ng isang **Persona**—Ang Kanyang Anak, ang Panginoong HesuKristo—upang mamatay para sa iyong mga kasalanan, at binuhay Siyang muli at magbigay sa pamamagitan Niya ng lahat ng pangangailangan para sa isang matagumpay at masaganang buhay. Ngayon, maaaring ikaw ay magtiwala o hindi, na sa Kanyang kamatayan ay naibigay ng Diyos ang walang bayad na kalayaan para sa iyong mga kasalanan. Kung di ka nagtitiwala, ang simpleng mensaheng ito at ang mga krokis upang ilahad ito ay makapagbabago sa iyong buhay sa iyong pagtanggap sa **Kanyang** buhay—ang Buhay ng Panginoong HesuKristo.

Maaaring nagtiwala ka na sa Panginoong Hesus para sa iyong kaligtasan nguni't ikaw ay may pagpupunyagi o paglalaban, isang talunang mananampalataya na siyang naghahanap pa rin ng katagumpayan sa buhay Kristiyano.

Kung ang mga situwasyong ito ay naglalarawan ng iyong kalagayan, pakiusap na pag-aralan ang mga sumusunod na mga kaisipan ng may isang bukas na Biblia at isang panalangin na nawa'y liwanagin ng iyos ang mga katotohanang ito sa iyo.

Krokis na Gulong



TALA: Ang unang bahagi ng *Handbook to Happiness and You—A Spiritual Clinic* ay makatutulong sa iyo na makaunawa sa gawang ito bilang isang parang tagapayong personal at ang aklat ang siyang tagapayo.

Ipinakikita ng **Krokis na Gulong** na ito ang tatlong bahagi ng tao na binubuo ng espiritu, kaluluwa at ang katawan (1 Tesa. 5:23). Ang katawan sa pamamagitan ng mga “senses” ng tao, ay naguugnay sa ating kapaligiran. Ang kaluluwa, o personalidad o pagkatao ay binubuo ng mga ginagawa ng ating isipan, kalooban at damdamin o emosyon. Nakakapag-ugnayan tayo sa iba sa pamamagitan ng kaluluwa. Nalalampasan o nahihigitan natin ang ating abilidad, limitasyon at mga pangyayari dahil sa ating rehenerasyon o kapanganakang-muli at pananahan sa atin ng Banal na Espiritu.

Ang espiritu ay may relasyon kundi kay Adan—pamilya ni Satanas (**tingnan ang Krokis na Linya**)—o kay Kristo, pamilya ng Diyos. Tayo ay ipinanganak sa mundo bilang mga inapo ni Adan at may kahalintulad na kalikasan niya. Ang ibig sabihin nito ay ang ating mga espiritu ay patay sa Diyos at buhay kay Satanas. Nasa sa **maling** pamilya tayo! Dahil sa ang ating mga buhay ay nanggaling sa ating unang ama, si Adan, at babalik tayo sa hindi naputol na tanikala mula sa kanya, tayo ay nasa sa kanya noong siya ay nagkasala. Sa ganito, tayo ay mga nagkasala na bago pa man tayo ipanganak sa pisikal. Dahil sa ganitong kaso, ginagawa lang natin ang natural kung tayo ay nagkakasala (Rom. 3:23). Ang bawa’t buhay na nananatili kay Adan sa katapusan ay mapupunta sa impiyerno, tulad ng ipinakikita sa krokis (Rom. 6:23). Kahit na tayo ay nabuhay na mabuti ayon sa ating pananaw, tayo ay hiwalay sa Diyos hangga’t hindi tayo naipapanganak na muli sa Kanyang pamilya sa pamamagitan ng espirituwal na kapanganakan.

Ang Iyong Mga Pangangailangan

Ang salitang “**kaligtasan**” (1) sa **Krokis na Gulong** ay nangangahulugang tayo ay dapat na magkaroon ng kapanganakang espirituwal. Sa pamamagitan lamang nito natin maiiwan ang buhay mula kay Adan at maipanganak na muli sa buhay ni Kristo, na isang buhay na walang hanggan, tulad ng paglalarawan sa **Krokis na Linya** (Juan 3:3). Para tayo ay maipanganak sa espirituwal, kailangan nating kilalanin o ikumpisal na tayo ay nasa maling buhay at kung gayon ay ipinanganak na makasalanan, at ang resultang hindi natin maiiwasan ay tayo ay nagkasala. Kung gayon, dapat nating tanggapin ang Kristo sa ating buhay, dahil Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan.

Sa ating kapanganakang espirituwal, ang lahat ng tumanggap sa Espiritung buhay ni Kristo sa kanilang mga espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya ay naging isang espiritung kasama Niya (1 Cor. 6:17). Kung sila ay magkakaroon ng katagumpayan sa mga tukso at maranasan ang kapayapaan ng Diyos sa kanilang mga buhay, gayun pa man, kailangan nila ng kasiguruhan sa kanilang kaligtasan. Ang **kasiguruhan** (2) ay nararapat na mabatay sa kasukdulan ng walang pagkakamaling Salita ng Diyos, kundi ay magiging parang naglalaho ito.

Maraming tao na naniniwala sa kanilang isipan na personal silang nagtiwala sa Panginoong HesuKristo ay kulang pa rin sa totoong kasiguruhan dahil hindi nila naramdamang sila ay ligtas. Dahil sa maraming paglalaban sa damdamin at ang karamihan dito ay mula pa sa kanilang di-pagkatanggap sa kanilang pagkabata, ang damdamin ng isang tao ay bihirang magkakasundo o magkakaisa sa katotohanang inilalahad ng Biblia o siyang nakikita sa mundong pisikal. Ang ating pakiramdam kung papaano natin nararanasan ang mga bagay ay maaaring kakaiba ito sa mga totoong nangyayari hangga’t dumating tayo sa punto na si Kristo ay pumagitna na sa ating buhay at hilumin ang mga nasira o nasugatang damdamin o emosyon.

Dapat na malaman ng isang mananampalataya, bago man siya o matagal na, na siya ay pumasok sa isang sigurado at walang hanggang espirituwal na relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong HesuKristo (Jn. 5:24) na kanya naming mapapagkatiwalaan at makaluluguran niya ang **seguridad** (3) na

ito.

Kahit na alam ng mga mananampalataya na tinanggap nila si Kristo, kakaunti ang nakakaunawa at nakakaranas na siya ay tanggap na sa Kanya. Karamihan ay napipilitang kitain ang pagtanggap sa paraan ng tao kaya't wari nila'y dapat rin na hanapin o kitain ang **pagtanggap** ng Diyos (4), kahit na buo o ganap na silang natanggap sa pamamagitan ng Buhay ni Kristo. (Efe. 1:6). Ang bawa't mananampalataya ay tinanggap na, nguni't ang marami ay hindi tumatanggap ng kanilang pagkatanggap, o ng kanilang katuwiran (2 Cor. 5:21), sa pamamagitan ng pananampalataya.

Kakaunti rin ang siyang gumagawa ng **ganap na pagtitiwala o pangako** (5) o buong pagsuko ng kanilang buhay sa Panginoong HesuKristo. Ito ay isang di na mababawing desisyon kung saan ibinigay natin sa Diyos ang ating permiso na gawin Niya ang lahat sa atin, kasama tayo, sa atin o sa pamamagitan natin. Isinuko na natin ang ating mga karapatan.

Kadalasan, ang mga pangyayari ay dumadako sa kaguluhan pagkatapos na tayo ay magdesisyon, dahil pinarangalan ng Diyos ang ating kahilingan na sakupin Niya nang buong-buo ang ating buhay. Kung Siya ay mamamahala tayo ay dapat na magtimpi, nguni't ito ay isang proceso na bihirang magbigay sa atin ng kagalakan! Ang mga pangyayari o ang mga tao na ginagamit ng Diyos upang dalhin tayo sa dulo ng ating pamamahala sa ating sarili ay kadalasan hindi mga espirtuwal. Kung minsan ay nagpapahirap sila ng wala sa lugar, nguni't ang pagpapahirap na ito ang tumutupad ng layunin ng Diyos para sa atin. (1 Ped. 2:20-21; Fil. 1:23-30). Sa panahon ng pagdurusa o pagpapalo (Fil. 3:10; Heb. 2:11) bihirang mawari natin na ito ay dahilan upang tayo ay magsaya, nguni't ito ay matinding pagsubok na nagbibigay sa atin ng kabanalan na ating inaasam-asam.

Ang layunin ng Diyos para sa mananampalataya ay maging katulad ng larawan ng Kanyang Anak (Rom. 8:29). Siyang pagtutulad ay kasama ang pagpapakasakit. "Ang lahat ng mga bagay" ng Roma 8:28 na **magkakalakip na gumagawa** para sa kabutihan ay bihirang makitang mabuti, maliban sa paggunita.

Ang Iyong Panloob na Pagtutunggali

Ang letrang “S” sa gitna ng gulong ay naglalarawan ng isang sariling-pamamahalang buhay o “laman” (KJV). Ang laman ay pumapaitaas sa buhay ng maraming mga mananampalataya sa halos kabuuan ng kanilang buhay Kristiyano. Naghahanap ito ng maraming porma, depende sa tao, upang makuha niya ang kanyang pangangailangan sa pamamagitan ng bagay o tao, ito man ay sa pamamaraan positibo o negatibo. Ang salapi, mga materyal na bagay, tagumpay, katanyagan, kasarian, kapangyarihan at marami pang ibang mga bagay ay nagtutulak o nagbibigay motibo sa tao upang ang mga ito ang maging sentrong pokus kapag siya ay dominado ng makasariling buhay o ng laman. Ang “laman” ay isa lang tangka ng isang mananampalataya na mabuhay sa kanyang Kristiyanong buhay sa pamamagitan ng kanyang sariling kalakasan.

Ang “laman”, kung gayon, ay isang seryosong problema ng isang Krstiano—kasing seryoso ng idolotriya. Kapag pinalitan natin ang kabuuan ni Kristo ng kahit ano pa man—pati na ang ating sarili, ito ay nagiging idolo sa ating buhay. Mahigpit na pakikitunguhan ng Diyos ang ating laman. At ginagawa Niya ito, kalimitan, sa pamamagitan ng paghahayag Niya ng kakulangan ng makasariling buhay at kapag nakita ng mananampalataya ang kanyang mahirap na situwasyon, siya ay susuko at ipapalit niya ang buhay na makasarili sa buhay kay Kristo.

Hangga’t ang sarili o ang laman ay namamahala, ang pagtutunggali na nakalarawan sa bahagi ng “kaluluwa” (personalidad) sa **Krokis na Gulong** ay magpapatuloy. Maaaring ito ay tumindi habang nagkakaidad at pagdagdag ng mga responsibilidad. Kung minsan, ang ukol sa pangkaisipan at mahusay na pagsasaayos na makasariling buhay ay nakakayanan ang mga pangyayari sa buong buhay ng isang tao, ngunit ang mga resulta ay kapos pa rin sa katuparan.

Ang mga kakulangang pangkaisipan, at ang kasalanan (totoo o guniguni), kung ito ay magkasama ay nagbibigay ng iba’t-ibang antas ng kabiguan sa makasariling-pamamahalang buhay. Ang kabiguan ay dapat na maharap. Ang iba ay tinatapon ito sa iba sa pamamagitan ng mga sapok - pisikal o pananalita - nguni’t ang iba ay takot sa ganti kaya’t tinatago na lang nila ang mga pagtutunggaling ito ayon sa kanilang kakayanan. Ang iba ay tinitimpi ang kanilang galit at kabiguan dahil sinisisi nila ang kanilang mga sarili sa bawa’t problema at pagkayamot na kanilang nakakaharap. Kapag ang pagtutunggali at kabiguan ay kinipkip, sa anomang dahilan, magkakaroon ito ng tama sa isipan o emosyon o pareho. Ang kinipkip na galit ay nagreresulta sa kalungkutan o kaligaligan sa emosyon. Ang iba naman ay ginagamit ang kanilang isipan upang baluktutin o tanggihan and katotohanan. Dito nila nagagampanan ang pagtakbo sa pangangailangan na harapin ang problema, ang makasariling buhay.

Kapag ang mga nagtutunggaling kaisipan ay lumaon ng walang remedyo, ito ay nauwi sa sakit sa katawan, tulad ng inilalahad ng krokis. Ang mga sakit sa katawan, na totoo, ay sa totoo lang ay sintomas ng isang malalim na problema—ang makasariling buhay. Gayon din ang mga problemang kaisipan sa lugar ng “kaluluwa.”



Ang Iyong Paglaya

Ang mga sintomas pangkaisipan at pangkatawan ay nagsisimulang maalis kapag nakita niya na haharapin ng Diyos ang ugat ng problema sa pamamagitan ng pag-alis ng makasariling buhay.

Ang **Krokis na Linya** ay nagpapakita ng prinsipyo ng “buhay sa labas ng kamatayan”—ang pamamaraan ng Diyos na itapon ang panloob na kaguluhan. Ang pahalang na linya ay kumakatawan sa buhay na walang hanggan, ang buhay ni Kristo. Ang ibig sabihin ng walang hanggan ay walang simula at katapusan. Lampas ito sa linya ng oras o panahon. Dahil si Kristo ay Diyos, Siya ay laging buhay, at mananatiling buhay. Ang buhay Niya ay pareho kahapon, ngayon, at magpakailan man. (Heb. 13:8). Sa paglalarawan sa kaliwa ng linya, Si Kristo ay “nagkatawang tao” (Jn. 1:14) at nabuhay sas katawang tao sa loob ng 33 taon. Pagkatapos noon, Siya ay ipinako sa krus, inilibing at nabuhay na mag-uli nang ikatlong araw (1 Cor. 15:3-4). Siya ay nagpapatuloy na buhay ngayon (Heb. 7:25). Itala na ang buhay na walang hanggan ay hindi lamang pangkasalukuyan o panghinaharap na katotohanan para sa isang mananammpalataya, bagkus ito rin ay tungkol sa walang hanggang nakaraan.

Hangga’t hindi tayo naipapanganak na muli (Jn. 3:3) wala tayo sa buhay ni Kristo—buhay na walang hanggan—kundi tayo ay nasa kamatayang espirituwal sa buhay ni Adan. Madaling makikita ng isang tao kung ang isa sa ating mga ninuno, na ipinapakita ng nakahilig na parang riles na linya, ay nawawala, tayo rin ay mawawala. Patungkol sa pisikal, ang buhay natin ay may simula kay Adan, kung gayon kung anoman ang nangyari sa kanya ay nangyari sa atin. Nang siya’y magkasala, tayo man ay nagkasala. Nang siya’y mamatay (espirituwal), tayo man ay namatay, tulad ng ating pagkamatay sa ating kalololohan kung siya man ay namatay bago nagkaanak. Kung ang espirituwal na kamatayan ay ang pagkalayo sa Diyos, tayong lahat ay ipinanganak na patay (espirituwal). Kailangan natin ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan, nguni’t kailangan rin natin ng buhay. Ang Panginoong Hesus ay dumating upang ibigay ang dalawa—nang Siya’y namatay para sa ating mga kasalanan at ang pagbibigay Niya sa atin ng Kanyang buhay sa Kanyang pagkabuhay na muli.(Jn. 10:10).

Kung ikaw ay Kristiyano, alam mo na nang lubos ito. Ang hindi mo marahil alam pa ay ang mga

sumusunod;

Para sa isang mananampalataya, ang kamatayang pisikal ay pintuan mula sa buhay sa mundo at sa presensya ng kasalanan patungo sa buhay sa Langit at sa presensya ng Diyos. Sintulad nito, isa pang uri ng kamatayan ay pintuan galing sa makasalanang buhay ni Adan patungo sa buhay na walang hanggan ni Kristo. Kapag ang isang tao ay naipanganak na muli, siya ay namatay rin sa puntong iyon. Siya ay naipanganak sa buhay ni Kristo nguni't siya rin ay kasabay na namatay palabas sa buhay ni Adan.

Si Kristo ay pumasok sa ating mga buhay nang tayo ay nanampalataya sa Kanya at naipanganak na muli, pero hindi lang 'yon. Tayo rin ay naging "bahagi" ng **Kanyang** buhay—buhay na walang hanggan. Sinasabi sa Roma 6:3 na hindi lamang tayo nabautismuhan kay Kristo (ang Kanyang buhay), pati na rin sa Kanyang kamatayan. Hindi natin maokupahan ang dalawang magkasalungat na mga buhay nang sabay—ang buhay ni Adan at ang buhay ni Kristo.

Ang Iyong Pagkakakilanlan

Nang tinanggap natin si Kristo ayon sa pananampalataya, nangangahulugang ang Kanyang kamatayan sa krus ay ibinilang na pambayad para sa ating mga kasalanan. Nguni't may higit pang ibig sabihin ito. Nangahulugan rin na tayo ay pumasok sa isang bagong buhay—isang buhay na tumatahak sa walang hanggang nakaraan at gayon rin sa panghinaharap. Sa isang banda, ipinagpalit natin ang ating kasaysayan kay Adan—ang masama at mabuti—sa isang walang hanggang kasaysayan natin kay Kristo. Minana natin ang isang "puno ng pamilya!" Nang tayo ay naging bahagi ng buhay ni Kristo, tayo ay naging tagaganap sa Kanyang kamatayan, libing, pagkabuhay na muli, pag-akyat at pag-upo sa kalangitan (Rom. 6:3-6; Gal. 2:20; Efe. 2:6). Siya ay mayroong isang buhay lang, at ito ang buhay na ating tinanggap sa ating kapanganakan muli. (1 Jn. 5:11-12).

Maliban kung at hangga't malaman natin ayon sa personal na karanasang pananampalataya na tayo ay ipinako kasama si Kristo, magpapatuloy tayong manubok na mabuhay para kay Kristo, na ginagamit ang mga pamamaraan na natutunan natin sa ating mga makasariling buhay. Ang pagtutunggalian na nagmumula sa kasaysayan kay Adan ay magpapatuloy na salotin at talunin tayo. Nguni't, sa pananampalataya, tayo ay lulugar sa krus kasama sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo, noon at noon lang na masasabi natin na tayo ay totoong "lumalakad sa *bagong* buhay" (Rom. 6:4b) kung saan "*ang mga dating bagay* ay nagsilipas na; *narito*, ang lahat ng *mga bagay na ito* 'y pawang *naging bago*." (2 Cor. 5:17).

Ang karanasan sa Krus (pag-uunawa ayon sa karanasan sa ating pagkapako at pagkabuhay na muli kay Kristo) ay ang pintuan para sa buhay na kontrolado ng Espiritu (Gal. 5:16). Ito ay buhay mula sa kamatayan, tagumpay mula sa pagkatalo—ang layunin at sagot para sa kahirapan sa buhay ng mananampalataya. Ang ating daan patungo sa Krus, at ang Krus mismo, ay isang daan ng pagbabaka, nguni't ito lang ang daan para matapos ang pakikibaka o kahirapan.

Ikaw ba ay pagod na sa iyong panloob na pagtutunggali at palagiang pagkatalo para ito ay matapos na sa pamamagitan ng pananampalataya? Nais mo bang mamatay sa iyong sarili at mabuhay sa **Kanya**? Kung gagawin mo ito, ito ay pagpalit ng buhay na makasarili sa buhay kay Kristo at mapuspos ka o mapamahalaan ka ng Banal na Espiritu. Kung tatanggihan mo ito, ikaw ay magpapatuloy na maglalakad ayon sa laman at malulungkot ang Banal na Espiritu sa pagpapatuloy na pagtutunggali, kahirapan at pagkatalo.

Panalangin para sa Kaligtasan

Kung ikaw ay pagod na sa hapis na nagreresulta sa iyong paggawa ayon sa pamamaraan mo, Palalayain

ka ni Kristo kung siyang ipagkakatiwala mo ang iyong sarili sa Kanyang pamamaraan.

Kung hindi mo pa natatanggap ang Kristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, ang una mong pangangailangan ay hayaan ang Diyos na likhain kang bagong tao sa pamamagitan ng espirituwal na kapangakang muli. Ikaw ay maipapanganak na muli kung tapat mong ipapanalangin ang ganito:

“Amang Diyos, nakita kong ako nga ay isang makasalanan, at nasa sa buhay pa ni Adan, at nagkasalang totoo. Nananampalataya ako na ipinadala Ninyo ang inyong bugtong na Anak, ang Panginoong HesuKristo, upang mamatay na kapalit ko para sa aking mga kasalanan. Nananampalataya rin ako na Siya ay nabuhay na mag-uli, at ngayon ay buhay, at tinatanggap ko Siya sa aking espiritu bilang aking Tagapagligtas. Isinusuko ko ang lahat ng sarili ko, ang lahat ng mayroon ako at kung magiging sino man ako sa iyo. Tatalikuran ko ang aking mga kasalanan at ang mga makasariling gawain ko upang mabuhay na bago kay Kristo. Salamat sa Inyong pagligtas sa akin. Amen.”

Panalangin ng Pagkakakilanlan

Kung ipinalangin mo ang “panalangin ng kaligtasan” ikaw ay naipanganak na muli, dahil sa sinabi ng Diyos na ibinigay Niya sa mga nanampalataya ang pribilehiyo na maging anak Niya (Jn. 1:12).

Kung ikaw ay nanalangin ngayon lang, o noong nakaraan, ang “panalangin ng pagkakakilanlan” ay tutulong sa iyo na maranasan ang buhay ni Kristo ng tagumpay at kapayapaan. Para ang panalanging ito ay maging epektibo, dapat ngang makapaguran mo ang buhay na makasarili; dapat na nasa paghahatol ka ng Banal na Espiritu na ikaw nga ay namumuhay ayon sa sarili mong lakas, at dapat na handa ka ring ibigay ang sariling pamamahala ng iyong buhay.

“Ama, salamat po sa kapatawaran sa aking mga kasalanan at ang paglabas ko mula sa buhay ni Adan at idugtong sa buhay ni Kristo. Ngayong ako’y na kay Kristo na, nananampalataya ako na ako ay naipako sa Krus na kasama Siya, inilibing na kasama Niya, at nabuhay na mag-uli na kasama Niya at ngayon ako nga ay nakaupo sa Kanyang kanang kamay. Mula ngayon, pinipili ko na makamit ang Iyong Anak, si HesuKristo, at mamuhay sa buhay Niya, at sa pamamagitan ko. Itinuturing kong ako’y patay na sa kasalanan at buhay sa Iyo, at ako rin po ay umaasa sa Banal na Espiritu na lagi Niya akong paalalahanan kapag nalilimutan kong ako ay namatay na kasama Niya at kung ako rin ay namumuhay sa sarili kong kaalaman at kalakasan. Isinusuko ko ang buong pagkatao ko sa Iyo bilang instrumento ng katuwiran, at di payagang ang mga bahagi ko ay magamit sa kasalanan. Salamat po at ginawa Ninyong totoo sa akin si Kristo at ang Kanyang buhay. Maluwalhati nawa Kayo sa akin. Sa Ngalan ng Panginoong Hesus ako’y nanalangin. Amen.”

Charles R. Solomon, Ed.D., is Founder and President of Grace Fellowship International (GFI). The pioneer of a Christ-centered approach to counseling called Spirituotherapy since 1969, he has written these books: *Handbook to Happiness, The Ins and Out of Rejection, Counseling With the Mind of Christ, Handbook to Acceptance, Gems and Jargon, Handbook to Happiness in Verse, and Handbook to Happiness and You, A Spiritual Clinic*. This tract is a condensation of Chapter 2 of *Handbook to Happiness*.

